

Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center



بطيركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطيريك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt

Πατριάρχος

222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر

Tel: 024822580

Fax: 0235365880

email: office@popetawadros.org

تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Filipino

The Papal Encyclical for the Glorious Feast of Nativity 2017

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espirito Santo, iisang Panginoon. Amen

Nawa ang grasya at biyaya Niya ay mapasa-atin ngayon at magpakailan man. Amen. Nawa ay manatili kayong malusog sa taong 2017 at sa lahat ng taon, sa maligayang pagdiriwang ng Pasko sa ika 7 ng Enero, na tinatawag na Kiahk 29, ayon sa Koptik na Kalendario Sa katotohanan, sa ating pagdiriwang ng pagsilang ng ating Panginoong Jesu Kristo, ating inaalala ang mga anak na bayaning nagbuwis ng buhay sa simbahan ng St. Peter. Ipinagkaloob ng ating Panginoong Jesu Kristo na makasama Niya sila sa langit sa pagdiriwang ng taong ito. Alalahanin natin sila ng puno ng kabutihan. Dinadalangin natin ang lahat na nasaktan at nasugatan na si Kristo ang magbigay kagalingan at magbabalik ng kalusugan sa kanila upang makasama natin sila sa lalong mabilis na panahon.

Sa ating pagdiriwang ng Pasko, mayroon tayong maraming kontemplasyon. Ang Dios ang naggawa sa tao sa pamamagitan ni Adam at Eva. Ang tao ay nabuhay sa lupa at dumami at namuhay ayon sa mabuting katangian. Ang mabuting katangian ng pakipagtulungan, pag-ibig at katapatan, ngunit lumitaw din ang mga makataong kahinaan. Sa buong buhay ng tao sa lupa at ang patuloy niyang pagkakasala, kalakip na ang larawan ng iba't ibang kasalanan, kahinaan, pagkasasalungatan at karahasan, nakalimutan ng tao ang mahalagang asal. Nakakataka na lahat ng tao sa mundo ay nakikita ang langit kahit saan at walang sinuman ang hindi nakakakita sa langit, ngunit higit na nakakataka ay ang iba't ibang reksyon ng mga tao. Ang iba ay hindi pumapansin sa langit. Ngunit para sa iba doon sila nakakatagpo ng mapagtataguan. Para sa iba ang langit ay parang kumukupkop sa kanila. Subalit mayroon din mga tao na hindi pumapansin sa langit habang mayroon din naman palaging doon nakatitig.

Sa kasaysayan ng pagkasilang ng ating Panginoong Hesu Kristo, nakikita natin itong magandang katangian na naihahayag sa buhay ng maraming tao. Sa buhay ng ating mahal na Ina na si Maria. Nang siya ay inihandog sa templo. Siya ay palaging nakatingin sa langit. Siya ay nabuhay na puno ng pagpupuri at padarasal. Nang nagpakita sa kanya ang anghel na nagdala ng magandang balita. Siya ay sumagot, „ narito ang alipin ng Panginoon, mangyari sa aking ang ayon sa iyong salita.“ Gayun din ang mga simpling Pastol na nagbabantay sa kanilang mga karnero ay napatingin sa langit. Nakita nila ang Angel na nagdala ng magandang balita sa lahat ng mga tao. Pumunta din ang mga tao upang makita ang Sanggol na nabalot ng mga lampin sa sabsaban Ganoon din ang mga Mago, na kung saan sila ang palaging nakatingin sa mga bituin, at kinikilala ang pinakapunong bituin ayon sa kanilang napag-aralan sa mga libro at pagtuturo. Nang kanilang makita ang bituin, naisip nilang ang Dios ng katutuhanan ay dumating na sa mundo. Tiningnan nila ang bituin sa langit at sila ay naglakbay galing sa silangan patungong Bethlehem. Ang bituin ang nag-gabay at nagpaiwan sa kanila at naghayag sa kinaroroonan ng Haring Sanggol ng mga Hudeo.

Gayun din sa matandang si Simeon, na higit sa 300 taong gulang na. Siya ay isa sa mga nagsalin sa Lumang Tipan ng Biblia sa Grego galing sa Hebreo. Ang banal nating Ina na si Maria at si Jose ang nagturo kay Jesus ayon sa asal ng batas. Dala ni Simeon sa kanyang mga braso ang batang Hesus. At sinabi niya itong kilalang bersikulo: “Ngayo’y papanawin mo Panginoon ang iyong alipin, ayon sa iyong salita, sa kapayapaan, sapagkat nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas”. Mayroon din ibang halimbawa. Ang propetisang Anna. Siya ay balo na ng 84 na taon at nakasama lang niya ang kanyang asawa ng 7 taon. Araw at gabi ay nandoon siya sa templo na nagsasamba at nagdadasal sa Dios. Ang kanyang mga mata ay nakatitig sa langit.

Ito ay mga halimbawa ng mga kasaysayan ng Pasko. Silang lahat ay nakatutok sa langit. Sa ngayon ito ang tanong: Ano ang kahalagaan ng patingin sa langit? Sigurado na ang pagtingin sa langit ay may mahalagang benepisyo sa buhay ng tao.

1. Ang tao na nakatingin sa langit ay tumitingin sa makapangyarihang Manlilikha, na siyang lumikha sa buong daigdig at mga nilalang. Siya ay nakatingin sa kanyang pinagmulan, na siyang langit. At nakatingin rin sa kanyang destinasyon na siyang langit.

2. Ang nakatitig sa langit, ay nakatitig din sa ilaw. Hindi ko ibig sabihin na ilaw ng araw o bituin. Subalit nakatitig siya sa kalooban at ispiritual na ilaw, ang ilaw ng puso. Ang sinuman na may maliwanag na puso at nabubuhay sa liwanag ay nabubuhay na matagumpay araw-araw.

3.) Ang pagtitig sa langit ay tuloy-tuloy na buhay ng kapayapaan. Nakasulat ito: “Mapagpala ang mapagpayapa, sapagkat silay tatawagin na mga anak ng Dios“. Sinumang nakatingin sa langit ay nakaka-unawa sa kapayapaan na nanggagaling sa Hari ng Kapayapaan. Ang kapayapaan na ito ay nananatili sa kayang puso. At ang taong gumagawa nito ay mapagpalaan ng magandang ugali. Magiging mapagpayapa siya kahit saan. Ngunit ang palaging nakayuko sa lupa ay gumagawa ng karahasan, digmaan, kasalungatan at teror.

4. Gayun din, sinuman na nakatitig sa langit ay nakatingin sa patuloy na kagalakan. Ang kalangitang kagalakan ay kaluwalhatian, mapagpatuloy at walang hangganan. Ito ay hindi kasama ng mapait na karanasan. Ang lupaing kagalakan ay sandali at may hangganan. Ang lupaing kagalakan ay may palaging kasama na kalungkutan. Kaya madaling nakakalimutan. Ang sinumang nakatatanggap ng kagalakan galing sa langit, at palaging nakatingin sa langit ay nabubuhay sa gayu’ng kagalakan.

5. Marahil isa sa mga mahalagang makukuha ng taong palaging nakatingin sa langit ay ang kanyang pagkakaugnay sa mga Santo. Sa langit kadugtong natin ang mga santo, mga matapat at walang kasalanan, ang nabubuhay sa kabanalan. Nananabik tayo sa lahat na namuhay na banal at ina-alala ang lahat na mga santo sa langit na nagdadasal para sa atin. Ang pagdadasal nila ay nagbibigay sa atin ng dagdag na sigla at motibasyon sa paghahangad at pananabik sa langit.

Ang pagtingin sa langit ay isang buhay na katangian, na maaaring patuloy na makabago sa ating buhay.

Isa sa mga magandang bagay sa ating pag-umpisa ng bagong taon 2017, ay ang porma ng ika-7 sa Arabik, na nagpapakita ng bukas na mga bisig tungo sa langit.

Kung ang langit ay nasa buhay ng tao, sya ay magiging tagumpay. Dinadalangin natin ng maraming beses araw-araw: “Ipagkaloob mo dito sa lupa at maging sa langit”.

Binabati ko kayong lahat. Binabati ko ang lahat ng mga Ama ng simbahan, Arsobispo, Obispo, Pare, Diakono, at lahat ng mga alagad ng simbahan, kongregasyon, lupon ng simbahan at komitiba. Binabati ko ang lahat na mga katulong sa simbahan Binabati ko ang kabataan at lahat ng mga pamilya sa lahat ng dako ng ating simbahan na nagdiriwang ng pista sa panahong ito. Binabati ko ang mga bata at mga kabataan. Dinadalangin ko na pagkalooban tayo ng Dios ng kanyang biyaya at patnubay sa taong ito. Ipina-paabot ko ang aking pagbati at pagmamahal galing sa bayan ng Egipto, ang bayan ng Santo Markus, na apostol at ebangeliko, na siyang nagsermon sa pagtitiwala kay Kristo ng lahat ng tao dito sa ating bansa.

Sana ay manatili kayong malusog sa taong ito at sa lahat ng taon. At dinadalangin ko na ang biyaya ng Bata sa sabsaban ay magbibigay palagi sa inyo ng kagalakan, kapayapaan at pag-asa. Ang lahat ng kaluwalhatian at karangalan ay ihahandog natin sa Panginoon, ngayon at magpakailan man. Amen.

Ramadra II

